# Tipolohiya ng mga Teknik sa Pagsalin sa Netflix: Filipino Bilang Subtitle

Mechelle Ann Vidal Villote
Mary Ann S. Sandoval

Departamento ng Filipino at Panitikan, MSU-Iligan Institute Technology

## Abstract

Pumapatungkol ang kasalukuyang pag-aaral sa isang bagong erya ng pagsasaling-wika - ang *Audiovisual Translation.* Isang partikular na anyo ng audioviswal na pagsasalin ang *subtitling*. Pangunahing layunin ng papel na ito ang kritikal na pagsusuri sa pagsasaling audioviswal partikular na sa kaso ng Filipino subtitling sa piling mga pelikula sa Netflix. Napabilang ang papel na ito sa deskriptibo-kwalitatibo na pananaliksik na may layong mailarawan ang ilang mga kaso. Kinuha ang mga pangunahing datos ng pag-aaral sa Netflix, isang *subscription-based streaming service.* Mayroong apat na piling pelikulang banyaga ang napili na syang sinuri bilang pangunahing materyales ng pananaliksik. Tiniyak na taglay ng mga pelikulang ito ang subtitle na nasa wikang Filipino bilang pokus ng pagsisiyasat. Naging batayan ng analisis ang tipolohiya ng mga teknik sa pagsasaling audioviswal ni Gottlieb (1992). Sa pagsusuri napag-alamang ang ekspansyon, kondensasyon, eliminasyon, taming at imitasyon ang higit na gamit sa pagsasalin ng mga piling pelikula. Lumabas rin sa analisis na ang wika, sa katunayan, ay nakabuhol sa akto ng bilang manipestasyon mismo ng kilos ng tauhan sa pelikula. Natuklasang may higit na pagkakaiba sa iilang tuntunin ang karaniwang pagsasalin at audioviswal na pagsasalin sa proseso ng paglilipat ng teksto mula sa isang wika tungo sa target na wika. Iba sa karaniwang pagsasalin na walang limitasyon sa pagprodyus ng target na teksto, may limitasyon ang subtitle. Bilang konklusyon, ang audioviswal na pagsasalin ay nagsasangkot ng napakaraming gawain tulad ng adaptasyon at maging lokalisasyon, na siyang napakahirap gawin upang makamit ang mainam at wastong audioviswal na produkto. Iniluluwal nito ang mga bagong teknik ng pagsasalin at maging mga isyu at hamong kaakibat nito.

**Mga Susing-salita:** *Pragmatiks, Netflix, AVT, Pagsasalin, Telesalin, Pelikula, Subtitling*

**Suggested Citation:**
Villote, M. (2025). Tipolohiya ng mga teknik sa pagsalin sa Netflix: Filipino bilang subtitle. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities*, 14 *(1)*, 67-85.

# Tipolohiya ng mga Teknik sa Pagsalin sa Netflix: Filipino Bilang Subtitle

Mechelle Ann Vidal Villote
Mary Ann S. Sandoval

Departamento ng Filipino at Panitikan, MSU-Iligan Institute Technology

## Abstract

The uniqueness of a language and culture is evidenced in words or expressions that cannot be found in other languages. These unique terms or expressions are called culture-specific items (CSI), which can be a challenge translation. The primary goal of this paper is to identify and analyze the concept of Meranao CSI found in the epic *Darangen*. It aims to present the characteristics of Meranao CSI, categorize them according to Peter Newmark's classification of CSI, and propose translation methods into Filipino. A qualitative content analysis was employed to analyze the data, which was derived from the translated portion of the epic *Darangen*, specifically Episode 2 of Volume V. The study is grounded in the cultural approach of Bassnett and Lefevere, emphasizing both linguistic and cultural aspects of the text. It was revealed that the mentioned portion of the epic *Darangen* is rich in CSI. A characteristic of Meranao CSI is its unfamiliarity with the Filipino language. It can be divided into three forms: literal words and phrases, and idiomatic words and phrases. Additionally, it can be categorized into five groups: material culture, social organization, customs and practices, views, ideas, concepts, proper nouns, and ecology. Generally, the translation approach depends on how CSI is classified. The techniques used are adapted to meet the specific requirements of the CSI. Therefore, the classification of CSI plays an important role in the translator's process of manipulation.

**Keywords:** *Pragmatics, Netflix, AVT, Translation, Film, Subtitling*

**Suggested Citation:**
Villote, M. (2025). Tipolohiya ng mga teknik sa pagsalin sa Netflix: Filipino bilang subtitle. *Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities,* 14 *(1)*, 67-85.

## Introduksyon

Umuusad na ang audioviswal na pagsasalin sa mga pelikula sa kasalukuyan. Mayroong dalawang pinakakomon na uri ng pagsasalin ng pelikula ayon kina Bordwell at Thompson (1990): ang *dubbing* at ang subtitling. Binigyang depinasyon ang *dubbing* bilang proseso ng pagpapalit ng mga bahagi at/o ng mga boses na maririnig sa *soundtrack* upang higit na maiwasto ang kamalian o muling pagrekord ng mga dayologo. Samantalang ginalugad ni Cintas (2005) na kinasasangkutan sa *dubbing* ang pagpapalit sa orihinal na soundtrack sa mga linya ng nagsipagganap sa target na wika na nairekord kaakibat ang orihinal na mensahe nito, at tinitiyak na ang target na wika kung papakinggan ng manonood at ang paggalaw ng labi ng aktor ay magkasabay. Sa katuturang ito, tinatanghal ang *dubbing* bilang pagpapalit sa soundtrack mula *source language* (SL) tungo sa *target language* (TL) na ang galaw ng labi at pagbitaw ng dayalogo ay magkasabay at magkapareho.

Tunay namang naiiba ang subtitling sa *dubbing.* Ang *subtitle* ay isa sa mga posibleng paraan para sa pagsasalin ng isang dayalogo ng pelikula, kung saan ang orihinal na *soundtrack* ay nananatili at ang saling teksto ay nakalagay sa ibabang bahagi ng iskrin sa ilalim ng pelikula (Gambier, 1993). Sa ibang salita, masasabing ang *subtitling* ay nagaganap sa pamamagitan ng pagsasalin sa mga dayalogo ng pelikula at makikita ang anyong pasulat nito sa ibabang bahagi ng obra. Tulad ng *dubbing*, ang layunin ng subtitling ay matulungan ang mga manonood na malibang at higit na maunawaan ang mga pelikula tulad ng mga dokumentaryo, drama, soap opera, aksyon at marami pang iba. Naisasagawa ang subtitling sa pagtingin mismo sa teksto bilang paunang hakbang nito. Nakadepende ang kahulugan ng teksto sa sitwasyonal at kultural na konteksto nito. Binubuo ang sitwasyonal na konteksto ng ilang mahahalagang varyabol tulad na lamang ng nilalaman, ang tsanel at ang ugnayan sa pagitan ng tagapagsalita, manonood at/o ng mambabasa. Mahalaga ang pagdalumat sa kultural at sitwasyonal na konteksto sa proseso ng *subtitling* dahil higit na mapapadali ng tagasalin o *subtitler* ang paglilipat ng pinagmulang wika tungo sa target na wika at nagbubukas ito ng pagkakataong makapili ng wasto at akmang estratehiya sa pagsasalin sa gawaing nabanggit. Mula sa penomenong ito, binigyang tugon ng naturang papel ang mga balakid, teknik at mga estratehiya sa pagtutulay ng wikang Filipino na ginamit ng mga tagasalin sa pagsasaling-wika ng mga materyal. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibo at kwalitatibong desinyo. Isinalang ang pangunahing datos ng pag-aaral sa kritikal na pagsusuri sa gramatikal, tekstwal at pragmatikal na pagtutumbas sa pagsasaling-wika. Batay sa nailahad na krayterya ay pumasok ang apat na piling banyagang pelikula sa Netflix. Magsisilbing batis ng datos ang mga piling pelikulang banyaga sa Netflix na siyang ginamit sa naturang pag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na ang bawat teknik ay kakikitaan ng kalakasan at kahinaan bagamat hindi sa lahat ng pagkakataon ay angkop ang paggamit sa mga ito.

## Rebyu ng mga Kaugnay na Literature

Palaging isang kakaibang karanasan ang panonood ng pelikula para sa bawat indibidwal kung saan dinadala nila ang kanilang sariling kultura at wikang kinalakhan sa pagbabasa ng isang teksto, pinipiloto ng isang indibidwal ang kanyang pag-unawa sa magkaparehong pamilyar at hindi pamilyar na impormasyon. Sa maraming pagkakataon, ang pagdaragdag ng

mga *subtitle* ay syang magtutulay sa kanilang pag-unawa sa isang kultura at wika na maaaring naiiba sa kanilang kinamulatan. Ayon kay Haryanto (2005), sa pagsasalin ng mga pelikula, lagi't laging nahihirapan ang isang tagasalin o subtitler sa aspeto ng wika at kultura. Tinutukoy sa kahirapan sa wika ang kultural na referens, mga idyoma, katatawanan at ang kahulugang pragmatiks. Samantala, ang kahirapan sa kultura naman ay tumutukoy sa kawalan at kakulangan ng kaalaman maging ng karanasan ng tagasalin kaugnay sa kulturang nakaangkla sa lipunan ng pinagmulang wika. Kung kaya, ang pagkakaroon ng isang maayos at magandang produkto ng salin ay nangangailan ng kritikal at maingat na paglalapat ng mga teknik at estratehiya sa pagsasaling-wika ng mga ganitong uri ng akda.

Hindi isang madaling gawain ang pagsasalin ng pelikula. Dahil na rin sa ilang teknikal na mga limitasyon, lagi't laging tinutulay ng mga *subtitles* ang pinakamaikling bersyon ng simulaing teksto kahit hanggang 40% na mas maikli sa orihinal (de Linde and Kay,,1999). Kabaliktaran sa mga pasulat na salin, ang mga *subtitle* ay inilalatag sa mga manonood bilang magkasunod na sinalang teksto, kaya't, itinataas nito ang kognitibong ganap ng mga manonood, na siyang laging lunsaran ng pag-unawa sa kahulugan at ideya mula sa ibinuod na tekstong inihahatid sa kanila. Higit pa rito, ang mga *subtitle* ay isang limitadong pagpapahayag bilang isa sa mga layunin nito ay ang pag-papaikli ng orihinal na teksto sa proseso ng pagsasaling-wika. Taglay ng mga programang audioviswal ang dalawang malalaking koda – ang imahe at ang tunog. Kung gayon, ang pagsasalin ay nagpapahiwatig hindi lamang ng epektibong pagsasalin at paggalang sa mga elemento ng audioviswal, ngunit kailangan din nito ang pagbagay ng mga elemento sa kultura na maaaring maging isang hamon sa pagsasalin mismo. Nirerepresenta ng mga *subtitles* ang isa pang paraan ng audioviswal na pagsasalin at maaaring bigyang kahulugan bilang isang pasulat na trasnposisyon ng orihinal na ponograma (*sountrack*). Kadalasan, nakalagat at makikita ito sa pinakamababang bahagi ng screen, maaari ring matagpuan sa itaas na bahagi, para sa tinatawag na surtitles (Remael, et.al.,2014). Malinaw na binigyang larawan ni Pedersen (2011) ang mga yugtong ito ng *subtitling* sa kanyang akdang *Subtitling Norms for Television.* Ayon sa kanya, nagsisimula ang proseso ng *subtitling* sa ahensya ng pagsasaling na tumatanggap ng trabaho o gawain at at pagkatapos ay makikipag-ugnayan sa tagasalin na binibigyan ng *digital media* ng audioviswal na produkto na kailangang isalin. Kasama ng produkto, kung minsan ay ibinibigay din ng ahensya ang transkrip ng orihinal bagaman maaaring hindi ito palaging maaasahan dahil maaaring ito ay isang nakaraang bersyon ng teksto o maaaring hindi isinasaalang-alang ang mga pagbabago sa yugto ng post-produksyon. Kung hindi man, ang tagasalin ay lilikha ng transkrip ng orihinal na produkto, titingnan ang mga pagbabaybay ng mga pangalan ang kultural na sanggunian.

Nangungunang kumpanya at *on-demand* na industriya ng midya ang Netflix (NFLX), na may 214 milyong nagbabayad na sabskraybers sa buong mundo na nag-aalok ng *subtitling* sa 37 na mga wika (Miller, 2021). Sa global na paglaganap ng Netflix, ito ay nagmistulang isang palaruan para sa audioviswal na pagsasalin. Kaakibat nito ang lokalisasyon mula sa mga bansang abot nito; kung saan nagbukas ito ng pintuan sa mga dalubhasa at mga praktisyoner upang makalikha ng subtitle at bersyong naka-dub na naaayon pa rin sa nakagawian o kombensyon ng mga pinagsama-samang industriya. Bukod dito, noong 2020, nadagdagan pa ng mahigit sa 50% ang panonood ng mga pelikulang may banyagang wika ang mga sabskraybers ng Estados Unidos (Kay, 2020). Kaakibat ng pagtaas nito ang malapit

na atensyon ng Netflix sa opinyon, suhestyon at mga karanasan ng manonood sa kalidad at kawastuhan ng mga subtitle.

May mga partner na ahensya, halimbawa, ang Netflix, ang Amazon Prime at iba pang kompanya na siyang naghahanap ng tagasalin. Karamihan sa mga gumagawa ng tagasalin ay mga propesyonal at *freelance* na ring tagasalin ng iba't ibang nakasulat na teksto at tumawid na rin sa larangan ng *subtitle translation.* Sa Netflix, halimbawa, kinakalkula ang *reading speed* sa pamamagitan ng *characters per second*. Sa mga palabas na para sa mas nakakatanda, nasa 20 *characters per second* ang *standard* at nasa 17 *characters per second* naman para sa mga palabas na pambata. Ang bawat *subtitle event* ay may kani-kaniyang *reading speed* at hamon palagi sa mga tagasalin na huwag lumagpas sa *reading speed threshold* na ito. Importante na masunod ang itinakdang *reading speed threshold* dahil posibleng maka apekto ito sa karanasan o *viewing experience* ng manonood. At kung hindi ito masusunod, posible kasi na masyadong mabilis ang paglabas ng *subtitles* sa *screen* kaya mahihirapan ang manonood dahil kinakailangan niyang bilisan ang pagbabasa. Dahil minsan parang hinahabol natin yung *subtitle* sa *screen* at minsan iniiwasan din na masyadong nakababad yung subtitle sa screen. Bukod doon naman sa kakayahan sa *source* at target na wika, mahalaga rin na maging pamilyar at magkaroon ng teknikal na kasanayan partikular sa mga *subtitling/authoring tools* na ginagamit ng kompanya. Sa pamamagitan ng subtitling tools na ito, kayang i-edit ng tagasalin ang ginagawang salin ng subtitle. (Ex. AesSub). Sa Netflix, may sariling authoring tools kayang iedit ng tagasalin ang kanilang salin ng subtitles. Pagkatapos gawin ang salin ng subtitle kailangang itong dumaan sa quality checker upang masigurong mataas ang kalidad ng salin at sumusunod ito sa pamantayang itinakda ng kompanya. Kung babalikan natin dalawa ang pangunahing konsiderasyon doon sa pagsasalin ng mga subtitle, unang una yung pagiging wasto at natural ng mga salin; ikalawa, ang kasanayan sa pinagmulan at target na wika at maging ang readability nito. Kapag na aprubahan na ang salin, ilalabas ito ayon sa itinakdang petsa ng pagpapalabas nito (Rosario, 2023). Isa sa makatotohanang kontribusyon ng pag-aaral na ito ay maiangat ang pagtalakay sa mga karaniwang isyu at angkop na mga estratehiya sa proseso ng *subtitling* o pagtutulay ng wikang Filipino sa mga banyagang pelikula, pati na rin ang pagpapalawig ng mga teorya sa bagong larang.

**Metodolohiya**

Sa pangkalahatan, ginamit sa pag-aaral ang disensyong kwalitatibo. Isinalang ang pangunahing datos ng pag-aaral sa kritikal na pagsusuri sa gramatikal, tekstwal at pragmatikal na pagtutumbas sa pagsasaling-wika. Batay sa nailahad na krayterya ay pumasok ang apat na piling banyagang pelikula sa Netflix. Ang mga piling pelikula ay nasa tatlong magkaibang genra: 1) ang *The Mother* na isang *action-thriller*, 2) ang *Nocebo* na nasa genrang *horror,* at 3) ang *Purple Hearts* na isang pelikulang pag-ibig; pinili naman ng mananaliksik ang pelikulang pambata na 4) *Orion and the Dark* na napapabilang sa mga nangunguna o *trending* na pinanonood dito sa Pilipinas.

**Resulta at Diskusyon**

Sa bahaging ito, kritikal na sinuri ang apat na piling pelikula at isang serye upang matukoy ang mga estratehiya at/o teknik na ginamit ng mga tagasalin sa pagsasaling-audioviswal tungkol sa target na wika – ang wikang Filipino. Sa analisis ng mga nailahad na materyal, lumitaw sa AV pagsasalin ang ilang espesipikong tipolohiya ng *Danish* na iskolar na si Gottlieb (1992) sa larang ng pagsasalin ng mga subtitles.

**Mga teknik at estratehiya sa pagtutulay ng wikang Filipino sa Netflix**

Nabago ang proseso ng pagsasalin ukol sa mga tuntunin ng kasanayan at aplikasyon dulot ng pag-usad ng teknolohiya at ang aplikasyon nito sa pagpapaunlad ng komunikasyon ng tao sa buong mundo. Kapansin-pansing ang teknolohiya ay iniluwal bilang isang nagdadalang pwersa sa paglililok sa hinaharap ng industriya ng pagsasalingwika. Isa sa mga nakaiimpluwensya sa pagpili ng pamamaraan sa AVT ay ang genre ng multimedia na produkto.

Nagsasangkot ng paglitaw ng mga isyung pangwika ang pagsasalin ng mga produktong audioviswal. Ang mga dayalogo sa mga pelikula ay paunang inayos at ginawang *ad hoc* (ibig sabihin, kailangan) na siyang kumakatawan sa ng lipunan ng partikular na produkto at ang wikang ginamit ay maaaring ituring bilang isang interpretasyon ng panlipunang realidad. Sa isang produkto ng multimedia, ang rehistro, leksikon at iba pang mga tampok na pangwika ay hindi basta-basta. Nailalarawan nila ang mga pangunahing tauhan, ang kanilang personalidad at ang kanilang kultura at panlipunang kaligiran (tulad ng kaso sa mga panrehiyong dayalekto at pagbigkas). Ang hamon tungkol sa transposisyon ng mga elementong ito ay nakakaapekto sa mga subtitle dahil ang paglipat mula sa pasalitang dayalogo patungo sa isang nakasulat na teksto ay maaaring magpahiwatig ng pagkawala ng mga naturang kakaibang katangian ng wika.

**Ekspansyon: leksikal, deskriptiv, restruktyur**

Gaya ng nailahad sa unang bahagi ng papel, ang pangunahing hamon na kinakaharap ng AVT subtitling ay ihatid ang mabisa at komprehensibong kahulugan sa loob ng teknikal na mga hadlang ng pelikula may subtitle. Higit na mabigat ang hamong ito lalo na sa pagsasalin ng wikang Ingles tungo sa wikang Filipino dahil na rin sa ilang mga konsiderasyon.

Para sa mga tagasalin/*subtitlers* ng pelikulang banyaga tungo sa wikang Filipino, ang opurtunidad para higit na maunawaan ang pelikula sa pamamagitan ng pagdaragdag ng impormasyon, halimbawa'y pagpapalawig sa mga espisipikong kultural na konteksto, ay sadyang limitado lamang. Tinawag ni Gottlieb (1992) ang teknik na ito na "*expansion*" at kadalasan itong nilalapat kung ang orihinal na *subtitle* o ang pahayag ay lagpas sa kultural na komprehensiyon ng target na manonood. Bilang halimbawang kaso, sa pelikulang *Nocebo* [**46:08-40:50**] kakikitaan na ginamit ang ganitong estratehiya.

| **Time Frame** | **[46:08-40:50]** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | ***I went to the Ongo. I saw her dying.*** |
| | Nilapitan ko ang Ongo. Nakita ko siyang namamatay. |
| Filipino Subtitle | ‘Pag namatay ang Ongo, lumilipat sa iba ang kaluluwa nito, kukunin siya. |

Lumilitaw ang *lexical expansion* o pagpapalawak sa salita kung ang target na wika (ang wikang isinasalin) ay kumukuha ng higit na maraming espasyo kaysa sa pinagmulang teksto. Sa ibang mga wika, kinakailangan ng higit pang mga salita upang maitumbas sa parehong pahayag. Maaari itong magresulta mula sa pagkakaiba ng gramatika, istruktura ng pangungusap, at/o paraan ng paggamit ng mga terminolohiya sa mga wika. Sa ilang partikular na kaso, ang pagpapalawak ay maaari magresulta mula sa haba ng salita o pahayag. Sa inilatag na mga bahagi ng pelikula, masasabing isang pagpapalawig leksikal ang estratehiyang ginamit o **l***exical expansion***.** Sa paglalapat ng ganitong teknik, inadapt ng tagasalin ang salitang **"Ongo",** isang pangalan para sa aswang na supernatural na nilalang na maaari ding ituring na isang uri ng mangkukulam sa pamahiing Cebuano (https://www.binisaya.com/cebuano/ungo), upang gawing tahasan kung ano ang ipinahihiwatig sa target na teksto. Binigyang kahulugan ng tagasalin ang leksikon na bilang isang makapangyarihang nilalang [40:06] sa kontekstong Pilipino at kapag namatay ang Ongo, lumilipat sa iba ang kaluluwa ng ibang tao [40:50], na hindi maintindihan ng mga target na mambabasa ng teksto kung mamarapatin. Samakatuwid, sa pamamagitan ng paggamit ng ganitong uri ng pagpapalawak ng target na teksto mauunawaan ng mga mambabasa ang kahulugan ng **"Ongo"** at ang kultura at pamahiing dala nag leksikal na terminolohiyang ito.

Nasuri rin sa ilang dayalogo ng pelikulang *The Mother* ang isa pang uri ng ekspansyon na teknik na kung saan ang aplikasyon sa prosesong ito ay nasasalin ng isang tiyak na termino na may kaakibat na deskripsyon. Nangatwiran si Newmark (1998) na habang ang paglalarawan ay kadalasang pinagtutuunan ng pansin ng pamamaraang ito, ang tungkulin ay maaari ring i-angkla sa salin.

| **Time Frame** | **[36:25-36:32]** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | ***[Adrian] Not exactly. This war's an addiction.*** |
| Filipino Subtitle | [Adrian] Hindi. Adiksyon ang digmaan. Ang dala nito ay gulo, pagdurusa at mga taong may kailangan. |

Makikita sa halimbawang kaso na ang orihinal na teksto ay gumamit lamang ng payak na leksikal na pahayag na **[36:25]** ***This war's an addiction;*** nang isalin ito sa wikang Filipino, napalawak na ang salitang "digmaan" sa pamamagitan ng paglalarawan na siyang nagbibigay imahe nito sa mambabasa. Gayunpaman, ipinapakita ng datos sa itaas na sa TL, nadagdagan ng pariralang **[36:32] Ang dala nito ay gulo, pagdurusa at mga taong may kailangan.** Sa kasong ito, nagpapahiwatig na ang tagasalin ay nilapat ang teknik na

ekspansyon sa anyong deskriptiv; dahil ang leksikal aytem na “digmaan”, ayon sa Merriam Webster Dictionary, ay nangangahulugang estado ng karaniwang bukas at idineklarang armadong labanan sa pagitan ng mga estado o bansa. Walang dudang, nais ng tagasalin na maikintal sa mga manonood o ng mambabasa ang imahe at konsepto ng digmaan sa pamamagitan ng paglalarawan nito.

Sa pagsasalin ng mga tekstong ang target na wika ay higit na sumasaklaw ng mas malaking espasyo, isang anyo rin ng ekspansyon ang restruktyur o pagsasaayos. Tingnan ang halimbawang kaso na mula pa rin sa bahagi ng pelikulang “The Mother”.

| **Time Frame** | **[1:29:31]** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | ***[Cruise] Alright, okay. Help me get the food chain right.*** |
| Filipino Subtitle | [Cruise] Sige, okay, Ipaintindi mo sa akin ang sistema. |

Hindi kailangang pumili ang isang tagasalin ng isang estratehiya na nag-aalis ng mga pagkakamali sa gramatika ng orihinal na pananalita, ngunit kailangan din nilang bigyang-pansin ang konotatibong kahulugan kapag muling isinusulat ang pahayag para sa mga subtitle. Ipinahihiwatig ang kahulugan ng **dayalogong [1:29]** ***Help me get the food chain right*** sa pinagmulang wika, kung kaya ang tagasalin ay naglapat ng semantikal restraktyur na estratehiya. Ang aytem na “sistema” na ginamit bilang katumbas nito sa orihinal na teksto ay nagtataglay rin ng ng kalapit at/o magkaparehong kahulugan at mas higit na pinalawak nito ang konotasyong dala sa target na wika. Bukod dito, ipinaliwanag ng tagasalin/subtitler ang ipinahiwatig na kahulugan. Kaya naman, nilinaw ng tagapagsalin kung ano malabo sa mga target na mambabasa ng teksto. Sa halimbawang ito, inilipat ng tagapagsalin ang parehong kahulugan ng pinagmulang teksto sa target na teksto nang tumpak hangga't maaari. Gumamit rin ang subtitler ng pelikulang *Purple Hearts* ng semantik restruktyur sa ekspansyon ng pagsasalin. Tingnan ang siniping dayalogo.

| **Time Frame** | **[11:40-12:01]** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | *[Jon] I have some* ***good shit*** *in my car.* |
| Filipino Subtitle | [Jon] May dala ako sa kotse ko. |
| Orihinal na Teksto | *[Luke] Nah, I can’t. Now, I am clean.* |
| Filipino Subtitle | [Luke] Hindi nagbago na ako. |
| Orihinal na Teksto | *[Jon]* ***Be a good boy for Uncle Sam****. Well, it seems like your life is in shape.* |
| Filipino Subtitle | [Jon] Maging mabuting mamamayan.  Mukhang maayos na ang buhay mo. |

Isang yugto sa proseso ng pagsasalin ang muling pagsasaayos na kinapapalooban ng pagbabago ng istruktura at semantika ng pinagmulang wika sa target na wika. Ito ang ikatlong yugto sa proseso ng pagsasalin at maaaring ituring na yugto ng ekspansyon sa pagsasalin. Bilang halimbawa, isinalin ng subtitler ang orihinal na pahayag na nasa **[11:40]** ***I have some good shit in my car*****;** sa hindi literal na anyo bagkus may kabuuang pagsasaayos sa pahayag upang mailapit ito sa pinakamalapit na kahulugan nito. Tinumbasan ng tagasalin ang pahayag na **[11:40] May dala ako sa kotse ko;** na tumutukoy sa tagong mensahe ng pahayag ng aktor – ang pinagbabawal na gamot. Sinusugan pa nito ng kasunod na pahayag ni **[Luke]** ***Nah, I can't. Now, I am clean,*** na isinalin naman sa target na wika na **[Luke] Hindi, nagbago na ako.** Sa semantikal na pagsasaayos nito, tinutumbasan ang aytem na ***"clean*"** ng salitang **"nagbago"** bilang pagtumbok sa mismong mensahe ng pahayag. Sa ganting dayalogo naman na nasa **[11:48; 12:01]** ***Be a good boy for Uncle Sam.*** ginamit ang terminong 'Uncle Sam". Sa mga manonood na walang kaalaman sa konotasyong dala ng aytem na ito, literal ang maaaring maging pakahulugan sa ganitong pahayag. Ngunit, kung susuriin ito, ang "Uncle Sam" ay isang personifikasyon ng gobyerno ng Estados Unidos. Siya ay nilalayong kumatawan sa mga ideya ng pamahalaan kumpara sa iba pang aspeto ng bansa, tulad ng kalayaan, kahit na ang personifikasyon sa ilang gamit ay kumakatawan sa U.S. sa kabuuan. Samakatuwid, ang pagtutulay ng pahayag sa Filipino sa ayos na **[11:48; 12:01] Maging mabuting mamamayan**, ay isang mainam na paraan ng semantikal restruktyur sa ekspansyon ng pagsasaling-wika sa orihinal nitong teksto.

Kung tutuusin, kinakatawan ng mga halimbawang kaso ang pagkakaugnay ng isang pangungusap o salita na may pangalawang kahulugan kung saan ang mga salitang ginamit ay maaaring may sosyal at kultural na nuances na makakaapekto nito. Dahil dito, dapat bigyang-pansin ng tagasalin kapag muling nagsasaayos o nagwawasto ng mga pangungusap dahil, kung hindi maaaring magbago ang buong kahulugan. Tulad ng nabanggit na, sa pag-subtitle ang tagasalin ay kailangang isaalang-alang at suriin ang tatlong katangian ng pinagmulang teksto na: estilo, rehistro at leksikon. Tungkol naman sa istilo, kapag nagsasalita ang mga tao, kadalasan ay gumagamit sila ng partikular na uri ng istilo na sumasalamin sa layunin, konteksto at damdamin ng isang pag-uusap. Bilang karagdagan, ang istilo ay naiimpluwensyahan ng pangkalahatang kaligiran ng taong nagsasalita na kinabibilangan ng mga elementong panlipunan, kultura at heograpiya. Sa ganitong uri ng ekspansyon, isasaayos muli ng tagasalin ang inilipat na materyal hanggang ang target na wika ay may parehong kahulugan sa pinagmulang wika at ganap na katanggap-tanggap. Samakatuwid, ang mga lumalabas na salin ay bunga ng pragmatika ng pagtutumbas sa konteksto ng target na wika. Ibig sabihin, ang pangkaraniwang pagsasabi nito sa TL.

**Reduksyon ng teksto: Kondensasyon, eliminasyon at taming,**

Maliban sa konsepto ng pagpapakahulugan, ang pagsasalin ng mga ekspresyon na naglalaman ng iba pang mga uri ng kahulugan ay sadyang may kahirapan. Bukod sa kaalaman tungkol sa pinagmulang wika (SL) at ang target na wika (TL), ang isang tagasalin ay kailangang magkaroon ng karagdagang kadalubhasaan upang magbasa sa likod ang mga linya upang hanapin ang pangunahing kahulugan. Ayon kay Munday (2016), kadalasan ang isang salita ay nakakakuha ng kahulugan sa pamamagitan ng konteksto nito, kaya kapag ang isang salita sa pinagmulang wika (ST) ay nakatali sa konteksto maaari itong magbunga ng

iba't ibang resulta kapag isinalin batay sa kultura ng target na wika (TT). Dagdag pa, ang pagsusuri sa istruktura ng semantiks ay kailangang isagawa sa pamamagitan ng paglilinaw ng kalabuan, pagpapaliwanag ng mga hindi malinaw na sipi at pagsasaalang-alang sa kultura pagkakaiba. Kabilang dito ang pagsasalin ng mga *interjections, exclamations* at *phatic communions*. Isa sa mga nasipat ng papel na ito ay ang eliminasyon sa mga pandamdam o interjections.

*Eliminasyon*

Isa sa pinakanatural na paraan na makikita sa pagsasalin ng dalawang magkaibang wika dahil sa sistemang kinakatawan nito ang eliminasyon. Hindi nabanggit na ang mga padamdam na ekspresyon na ito ay mayroon sa Filipino ngunit marahil ay hindi na ginamit ng tagasalin upang mahabol rin ang duration ng transition ng salita at maaaring nakatutulong na mismo ang orihinal na ekspresyon ng SL dahil ang mga padamdam na ito ay universal kahit papaano sa halos lahat ng wika. Ito ay tumatalakay sa pagsala at pag-alis ng mga elemento/aytem na na hindi nababago ang orihinal na kahulugan ng pinanggalingang teksto. Ang estratehiyang ito, ayon kay Antonini (2005), ay maihahalintulad sa konsepto ng omisyon o pagtatanggal, at kinokonsiderang hindi maiiwasan. Nagagamit lang ang teknik na ito sa pamamagitan ng pagbabago ng anyo lamang at hindi ng nilalaman. Makikita ang ilang mga halimbawang dayalogo sa piling pelikulang sinuri.

Bilang isa sa pinakamadalas na ginagamit na interjection sa teksto, ang ***Oh*** ay ginamit upang ipahayag ang bawat posible o kinakailangang damdamin at damdamin. Ang paggamit nito ay napakalawak din ayon sa mga diksyunaryo bilang pagpapahayag ng sorpresa, takot, kagalakan at iba pa na ginagamit para sa pagbibigay-diin o para maakit ang atensyon ng isang individwal (Oxford 16 Advanced Learner’s Dictionary).

| **Time Frame** | **[3:39-3:40],** ***Purple Hearts*** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | [Cassie] ***And oh,*** *please don't forget to tip your servers,* ***'cause PS*** *we're also your servers.* |
| Filipino Subtitle | [Cassie] Magbigay ng tip sa mga serbidor. Kasi mg serbidor niyo rin kami! |

| **Time Frame** | **[4:37-4:38,]** ***Orion and the Dark*** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | [Teacher] ***Oh,*** *don't forget to leave your permission slips on my desk.* |
| Filipino Subtitle | [Teacher] Huwag niyong kalimutang ilagay sa mesa ako ang mga permit. |

Sa dayalogong nasa [3:39-3:40] ng pelikulang Purple Hearts, ang “And oh” ay isiningit bilang pagpapahayag ng pagpapalala at/o realisasyon. Nakatutulong ang pandamdam na ito sa pagbibigay empasis lalo pa sa mga hindi maaaring makalimutang mga bagay o paalala.

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[8:45-8:46],** ***Purple Hearts*** |
| Orihinal na Teksto | [Cassie] O***h, okay. Oh… I…*** can't really wait four days. |
| Filipino Subtitle | [Cassie] Okay. 'Di ako makahihintay nang apat na araw. |

Sa kaso naman ng dayalogong nasa [8:45-8:46], ng pelikulang *Purple Hearts,* ang "oh" ay ginamit bilang pagpapahayag ng pagkadismaya, kalungkutan, himutok o hinagpis o hindi pagsang-ayon. Kung titingnan ang salin ng mga ito sa target na wika, wala na sa pahayag ang pandamdam na ito at masasabing kabilang sa mga iwinaglit sa paglalagay ng *subtitle* sa pelikula. Ang pagsasalin ng mga interjections ay hindi lamang pagsasalin ng salita, maging ang pagtatanggal sa mga ito sa usapin ng pagsasalin ng mga pelikula. Ipinahihiwatig nito ang pagsasalin ng mga kahulugan ng diskurso sa tiyak na wika at may kaugnayan sa kultura.

Sa kaso naman ng "*um',* na isang panpunong salita na ginagamit sa pagsasalita. Ito ay nagpapahiwatig ng pag-aalinlangan, pagdududa, o paghinto sa paghahanap ng tamang salita o parirala. Madalas itong ginagamit nang walang kamalayan kapag may nag-iisip o nagsisikap na magpasya kung ano ang susunod na sasabihin. Makikita ito sa ilang mga halimbawang dayalogo.

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[9:18-9:20], Purple Hearts** |
| Orihinal na Teksto | [Cassie] And, ***um…*** *How much is that?* |
| Filipino Subtitle | [Cassie] At magkano lahat? |

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[46:45-46:46], Orion and the Dark** |
| Orihinal na Teksto | [Orion] ***um…*** *Hi!* |
| Filipino Subtitle | [Orion] Hi. |

Masasabing ang mga pandamdam tulad ng ***er*** at ***um*** ay kilala rin bilang "mga aparato sa pag-aatubili." Ang mga ito ay lubhang karaniwan sa Ingles. Ginagamit ito ng mga tao kapag hindi nila alam kung ano ang sasabihin, o para ipahiwatig na iniisip nila kung ano ang sasabihin. Isa ding naging sabjek ng eliminasyon sa pagsasalin tungo sa target na wika ay ay pandamdam na ***hey.*** Ang salitang "hey" ay isang interjection, na isang bahagi ng pananalita na nagpapahayag ng damdamin o maghudyat ng isang tanong. Maaari itong maghatid ng iba't ibang damdamin, mula sa pananabik hanggang sa sorpresa hanggang sa pagbati.

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[2:37-2:38],** ***The Mother*** |
| Orihinal na Teksto | [Cruise] ***Hey,*** *you're safe here.* |
| Filipino Subtitle | [Cruise] Ligtas ka rito. |

Bilang isang ekspresyon na naglalarawan ng pagkamangha o hudyat ng pagtawag atensyon ang pandamdam na *hey* sa wikang Ingles ay maaaring gamitin, ngunit, kung titingnan ang dayalogong nasa [2:37-2:38] ng pelikulang *The Mother*, nagpasya ang tagasalin na alisin o hindi na ito isalin sa target na wika. Hindi dahil sa wala ng espasyo ang saling ginawa sa linya; katunayan maikli pa nga ito. Ngunit ang pandamdam na ito ay mayroong ay may katumbas na **"hoy"** sa wikang Filipino, at ang pandamdam na ito sa target na wika ay mayroong negatibong konotasyon.

Sinisikap ng isang *subtitler* o ng tagasalin na maipakita ang katumbas na mga ideya ng pinagmulang teksto tungo sa target na wika sa payak, maikli at tamang anyo na may katapatan sa target na kultura. Ayon kay Toury (1980) hindi naiiba ang mga tagapagsalin sa mga relasyong tekstwal sa loob ng ST, ngunit ang kanilang pangunahing layunin ay upang makamit ang katanggap-tanggap na pagsasalin sa target nitong kultura.

Sa salin nito sa target na wika, isang salita lamang ang tinumbas rito nang hindi naiiba ang pahiwatig ng orihinal na pahayag. Maaaring piliin ng isang tagasalin na magsalin ng anumang impormasyon sa halip ng pag-alis o pagtatanggal nito sa anumang dahilan. Kapag nais ng isang tagasalin na gumamit ng teknik na eliminasyon, kailangan niyang tiyakin hindi masisira ang kaisahan ng mensahe. Iyan ang kinakailangan na dapat tuparin ng isang tagasalin bago gumawa ng desisyon na gamitin ang teknik na ito. Mula sa ilang pananaliksik sa larang nag pagsasalin, inirerekomenda na ang estratehiya ng eliminasyon ay iwasan maliban kung ito ay lubhang kailangan, lalo na kung ang pamamaraang ito ay maka-aapekto sa kalidad ng pagsasalin. Ngunit, sa usapin ng pagsasaling audioviswal, higit na kinakailangan ito sa proseso dahil mayroong kailangang tugunan na limitasyon – ang bilang ng mga linya na hindi na kokompromiso ang kahulugan sa orhinal na teksto.

*Taming bilang ideolohikal na adaptasyon*

Dahil nasa kasalukuyan ang mga pelikulang ito at ang lipunan ng mga Pilipino ay may kamalayan sa mga *taboo*, bulgar o mga pahayag na maaari ng marinig sa mga bagong henerasyon, pinanatili pa rin ang paggamit ng restriksyon na ito bilang pagbibigay-galang sa pangkalahatang pagiging sensitibo na imahe ng mga Pilipino. Iniiwasan rin ito na banggain ang ilang mga salitang may kinalaman sa relihiyon at banal na mga salitang kultural. Sinabing ang pagsasalin ay isang kultural at linggwistikong tulay sa pagitan ng iba't ibang bansa na may mahalagang papel sa pakikibaka sa pagitan ng magkatunggaling ideolohiya (Bassnett at Lefevere, 1990). Ang adaptasyon hinggil sa ideolohiya, samakatuwid, ay may ginagampanang mahalagang bahagi sa proseso ng pagsasalin. Malapit na nauugnay ang ideolohikal na adaptasyon sa sekswal at relihiyosong usapin. Higit pa sa madalas, tinatalakay ang relihiyon at mga bagay na sekswal bilang isang hadlang dahil ang mga nakakasakit at sensitibong termino ay itinuturing na hindi katanggap-tanggap para sa halos lahat ng relihiyon. Kaya, sa pagsasalin, madalas i-edit ng mga tagapagsalin ang wika o ang eksena ng pinagmulang wika na nauugnay sa dalawang isyung nabanggit. Karaniwang inaalis, pinaikli o ginagawang implisit ng tagasalin ang naturang wika. Sa kaso ng subtitling, isang mahalagang hakbang na gagawin ng tagasalin ang adaptasyon para humina ang orihinal na tono, upang maging sensitibo sa target na manonood ng tunguhing wika. Sa teoritikal na deskripsyon, ito ay tinawag ni Gottlieb (1992) na taming bilang isang estratehiya sa

pagsasaling-wika. Ito ay madalas na kilala bilang isang pagbabago (karamihan ay ginagawa sa pamamagitan ng eliminasyon) ng ilang mga aytem (Antonini, 2005). Karamihan sa mga maaaring tanggalin at/o palitan ng tagasalin o subtitler ay ang mga mababang anyo ng wika tulad na lamang ng mga salitang marahas at bulgar, wikang taboo at slang. Madalas na nangyayari ang ideolohikal na adaptasyon sa pagsasalin ng pagmumura.

Sa dayalogong binitawan ng mga karakter na nasa [6:57] at [7:18] display time ng pelikulang *Nocebo,* ang salitang *shit* ay tinumbasan sa wikang Filipino ng salitang “lintik”. Mahihinuha mula sa salin na ito na pinili ng tagasalin ang akmang salitang maaaring pagmumura pa rin ngunit hindi gaanong marahas kung pakikinggan. Kakatwa man ang salin sa salitang *Jesus* na “Susmayosep”, inayon ito ng tagasalin upang maiwasan ang kalapastanganan sa pangalan ng Diyos, na sa pananampalatayang Pilipino, higit na sensitibo ang usabing ito. Samakatuwid, ang isang bagay na hindi katanggap-tanggap sa konteksto ng target na wika ay maaaring iakma sa pamamagitan ng pagsasaayos sa ideolohiya ng target na madla upang maalis ang epekto ng mga pagmumura. Ang pagmumura ay napaka-Pilipino. Sa mga bahay-bahay raw ay mayroong mahigpit na pagbabawal sa paggamit ng mga mura ng mga bata na tipong minomonopolyo ng mga matatanda ang paggamit ng mga mura na ito

Sa pagsusuri ng mga materyal na naturang pananaliksik, napag-alamang ang estratehiyang taming ay katambal ng ideolohikal na adaptasyon sa pagsasalin ng mga pagmumura sa wikang Ingles tungo sa wikang Filipino bilang target na wika. Gayunpaman, ang pagmumura sa wikang Ingles at Filipino, ay may parehong tinatampok gaya ng tema o paksa nito. Ang pagmumura patungkol sa mga usaping sekswal at relihiyon ay kadalasang itinuturing na paksa na nararapat na iakma gamit ang ganitong uri ng adaptasyon. Lumitaw ang mga salitang vulgar tulad ng *shit, jeez (mula sa pang. Jesus Christ), fuck, what the hell, crap, gosh (godshit), darn it,* at *bitch* sa mga dayalogo ng apat na pelikulang sinuri. Sa paglitaw ng mga salitang ito sa pinagmulang teksto, inangkop ng tagasalin sa target na wika ang mga pagmumura gamit ang yufemismo ng wika o di kaya’y ganap na tinanggal na. Isa sa nakikitang dahilan ng gawing ito ay ang layuning maisalin ito na hindi kakatwa o kakaiba lalo na sa mga manonood na nasa murang edad pa lamang.

Samakatuwid, ang mga nasalang pagmumura sa materyal ay inayon at inangkop sa mga pamantayang kultural at moral ng madlang Pilipino. Narito ang ilan lamang sa mga dayalogo na nakita sa apat na pelikula na kung saan ginamit ang taming bilang ideolohikal na adaptasyon:

Makikita sa halimbawang kaso (Nocebo [24:33-24:34]), na ito na ang salitang *jeez* (informal na anyo ng pangalang Jesus) ay ginamitan ng ideolohikal na adaptasyon. Ito ay isinalin na “Susmaryosep” sa subtitle ng pelikula. Ang salitang *Jeez* ay talagang ginagamit para sa Kristiyano na talagang maaaring isalin nang literal sa Hesus. Sa kontekstong Pilipino, ang “susmaryosep” ay pinaikling bersyon ng “Hesus, Maria at Joseph” na kung saan ang mga ito ay may kaugnayan sa Bibliya. Tulad ng nalalaman ng sinumang Pilipino, ang pagsambit ng *slang* na ito, gayunpaman, ay bunga ng pagkainis, galit, maging pagkagulat. Palasak itong ginagamit sa kontekstong Pilipino maging ang pinaghating bersyon pa nito na “Sus” at “maryosep”.

Makikita rin sa dayalogong nasa [37:31] ang salitang *heeeck* (o hell sa wikang Ingles) na tinumbasan naman ng tagasalin sa target na wika na "Ano 'yon?" bilang kabuuang salin sa pahayag. Sa kategorya ng pagmumura, nauuri ang pahayag na *fuck* o *what the fuck* sa sekswal na gawi. Ngunit, sa marami pang konteksto ng pagbigkas, ang kahulugan nito ay hindi naiuugnay ng literal sa pakikipagtalik. Maaari itong kumatawan sa iba pang mga pagpapakahulugan o sanggunian. Isang halimbawang kaso ng taming sa anyo ng ganap na pagtatanggal ng salita ng orihinal na wika ang dayalogong nasa itaas. Maaaring gumamit ng vulgar na salita ang tagasalin ngunit mas pinili nitong tanggalin ng ganap upang hindi maging sagabal sa mambabasa at higit sa lahat naging direkta ang pahayag. Mahalaga ang pagiging sensitibo sa pagpili ng mga katumbas na salita ng tagasalin sa target na wika.

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[48:21-48:23]** ***The Mother*** |
| Orihinal na Teksto | [Hector] *I'm gonna* ***fuckin*** *watch you die like a* ***fuckin animal.*** |
| Filipino Subtitle | [Hector] Papanoorin kitang mamatay na parang hayop. |

Kung lilimiing mabuti, ang ganap na pagtatanggal sa salitang *fuckin'* sa dayalogo nang isalin ay hidi naman naka apekto sa kung ano ang diwang ipinaabot ng mensahe. Ang insersyon ng mga ganitong vulgar na salita sa isang pangungusap ay bahagi lamang ng pagpapahayag ng matinding damdamin ng karakter. Upang magkaroon ng mainam at hindi nakababahalang salin, sinikap ng tagasalin ang lokalisasyon ng mga salitang vulgar ng orihinal na wika sa piling mga pelikulang sinuri tungo sa target na wika – ang Filipino na hindi na iwawaglit ang pinakadiwa ng teksto. Kung kaya mahalaga ang lokalisasyon ng mga salitang ito. Tulad na lamang sa kaso ng murang "bitch" na sinambit ng batang karakter na si Zoe sa kanyang ina sa dayalogong makikita sa pelikulang The Mother, hindi tinumbasan ng tagasalin ang pagmumura sa aktwal o literal nitong katumbas na "puta", bagkus ang ginamit nitong kahalili ay ang salitang "gago".

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[1:13:45-1:13:49]** ***The Mother*** |
| Orihinal na Teksto | [Zoe] *Why are you such a* ***bitch?*** |
| Filipino Subtitle | [Zoe] Bakit ang gago mo? |

Sa pinakaliteral nitong salin, ang *bitch* ay isang babaeng aso. Karaniwang nauuri o nakikilala ang isang hayop batay sa kasarian tulad na lamang ng inahin sa tandang; ng baka sa toro. Ngunit noong 1400s, ang mga salita para sa mga babaeng hayop ay kadalasang nagkakaroon ng mga mapanlait at mapanirang konotasyon, at hindi nakalampas dito ang salitang *bitch* nang gamitin ito bilang termino ng pang-aalipusta sa isang babae. Paunang definisyon nito ay "isang mahalay o senswal na babae" at kalauna'y naging "malisyosa at hindi kanais-nais na babae." Ito ay naging seryosong panunuya. Noong 1800s nagsimulang gumamit ang mga tao ng mga yufemismo sa literal na kahulugan, tulad ng ***babaeng aso*** o ***siya ay isang aso.*** Sa kontekstong Pilipino, ang pinakakomon na panumbas ng salitang ito ay a ng aytem na "puta" o "putang-ina" (Freeman, 1970). Batay sa definisyon ng UP Diksyunaryong Filipino (2010), ang "Putang ina!" ay maaaring tukuyin bilang isang padamdam. Ito ay ang

pinaikling bersyon ng "puta ang ina", at ito ay tinuturing na isa sa pinakamasamang mura laban sa kaaway; at isang ekspresyong bunga ng pagkainis, pagkabigo at katulad.

Sa punto de vista ng pampublikong moralidad, ang pagsambit at paggamit ng mga salitang may kaugnayan sa seks ay maituturing na panunuya o kalapastanganan. Ang bawat konserbatibong lipunan, tulad ng Pilipinas, ay makapagpapatunay sa katotohanan na ang pagbigkas ng mga katagang sekswal sa publiko ay talagang bulgar at kasuklam-suklam. Sa kadahilanang itinuturing na mga taboo ang salitang nagpapahayag ng panunuya at kabastusan, ginagamit bilang panumbas ang mga yufemismo bilang pagtugon sa isyung panlipunang ito. Sa pag usad ng prosesong ito, papasok ang simplifikasyon sa isinaling teksto. Mahalaga ang bahaging ito sa AV pagsasalin dahil sa limitasyon ng mga linya na dapat na mailagay sa tabing o iskrin; kung kaya dapat isaalang-alang rin ng isang subtitler ang kaiklian at pagiging payak ng mga saling pahayag upang maabot ang pinakalayunin ng pagsasaling audioviswal – ang higt na pag-unawa sa pelikula sa target nitong wika.

*Imitasyon (pagpapanatili)*

Tinataglay ng wikang Filipino ang katangian ng panghihiram bilang estratehiya sa pag-adap at pag-iwas sa paghahanap ng terminong panumbas dito na maaaring hindi rin mauunawaan sa bandang huli, lalo na kung ito ay makasasagabal sa pag-unawa sa pelikulang isinasalin. Sa paggamit ng istratehiya sa imitasyon, pinananatili ng tagasalin ang anyo ng SL. Tulad ng nabanggit din sa teorya ng Gottlieb (1992), ginagamit ang ganitong teknik sa pagsasalin para sa ilang impormasyon tulad ng pangalan ng isang tao, at ang pangalan ng lugar o mga pangngalang pantangi. Isinalin ang mga ito nang walang anumang pagbabago. May mga dayalogong isinalin sa TL ng AV tagasalin na gamit ang estratehiyang imitasyon.

| **Time Frame** | **[24:12-24:17]** ***Nocebo*** |
|---|---|
| Orihinal na Teksto | **[Christine]** ***Felix, is a marketing consultant.*** |
| Filipino Subtitle | [Christine] Marketing Consultant si Felix. |
| Orihinal na Teksto | **[Christine]** ***Marketing Strategist.*** |
| Filipino Subtitle | [Christine] Marketing strategist. |

Tulad ng halimbawang dayalogo na nasa itaas, ang salin ay ginamitan ng imitasyong teknik ng AV tagasalin. Kung literal na tutumbasan ang tambalang pangngalan na ito, maaaring maisalin ito bilang "espesyalista" o "kasangguni sa pamilihan" o di kaya'y "kasangguni sa merkado". Sa pagsasalin ng pangalan ay hindi rin kailangan ng anumang pagbabago. Maaari itong magdulot ng nakalilitong resulta ng pagsasalin at maaaring magdulot ng hindi epektibong resulta para sa mga manonood. Gayundin, ang mga pangngalang pantangi na *Parris Island* at *Marine Corps* na nasa ibabang halimbawa:

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[0:45-0:47]** ***Purple Hearts*** |
| Orihinal na Teksto | **[Marines]** ***Parris Island, where it all began!*** |
| | **[Marines]** ***Marine Corps!*** |
| Filipino Subtitle | [Marines] Parris Island, nagmula lahat! |
| | [Marines] Marine Corps! |

Sa paggalugad, hindi likhang isip lamang ang Parris Island na ginamit sa dayalogo ng pelikulang *Purple Hearts.* Sa katunayan, ang Parris Island ay isang distrito sa syudad ng South Carolina sa Estados Unidos. Ang Parris Island ay naging lugar ng pagsasanay sa mga bagong salta ng Marine Corps mula noong Nobyembre 1, 1915 (https://www.mcrdpi.marines.mil/). Dagdag pa rito ang pagsasalin ng "tequila" bilang isa ring uri ng pangngalan sa orihinal nitong anyo, (nasa **4:46-4:50** ng parehing pelikula). Samakatuwid, buhay ang mga pangngalang ito sa realidad. Sa pagpapaliwanag ni Vermes (2003), ang pagsasalin ng mga pangngalang pantangi ay itinuturing na payak na proseso ng pagpapanatili mula sa orihinal na wika ng teksto tungo sa target na wika nito.

Isa pang kaso sa pelikulang Nocebo ay ang salitang "Ongo" na nasa orihinal na teksto ay isinalin tungo sa target na wika na hindi nababago ang anyo. Ibig sabihin ganoon pa rin ang leksikal aytem na ito sa tunguhing wika. Makikita sa dayalogo ang pagsasalin sa leksikal yunit na "Ongo" sa orihinal pa rin nitong anyo.

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[39:46 – 40:02] Nocebo** |
| Orihinal na Teksto | **[Diana]** ***This woman was an Ongo.*** |
| Filipino Subtitle | [Diana] Ongo ang babaeng ito. |

Sa kasong ito, masasabing upang tunay na mabatid ang pagiging banyaga ng orihinal na teksto ay isang mahalagang desisyon at pagpili ng isang AV tagasalin. Makikita rin sa ibaba ang mga kasunod na dayalogo bilang mga halimbawang kaso ng AV pagsasalin gamit ang teknik ng imitasyon o kung titingnan, hindi ito nalalayo sa isa pang teknik na pagpapanatili upang hindi mabago ang mensahe nito sa pinagmulang teksto. Dahil sa gawing pagsasalin ng wika, laging isinasaalang-alang ang mensahe kaysa sa anyo nito (Larson, 1988). Mapapansin naman sa mga dayalogo ng pelikulang "The Mother" ang mga terminolohiyang teknikal na pinanatili o may ganap na imitasyon mula sa pinagmulang wika tungo sa target na wika.

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[0:58-1:00]** ***The Mother*** |
| Orihinal na Teksto | [FBI Agent] *Okay.* ***Type ID Number 103.*** |
| Filipino Subtitle | [FBI Agent] *Okay. Type ID Number 103.* |

| | |
|---|---|
| **Time Frame** | **[2:15-2:26]** ***The Mother*** |
| Orihinal na Teksto | [Informant] ***Soviet PKM Machine Guns, Law rocket launchers, M18 Claymore mines. It's not the point.*** |
| Filipino Subtitle | [Informant] Mga Soviet PKM Machine Gun, mga launcher, mga M18 Claymore mine.'Di ito ang punto. |

Hindi binago ng AV tagasalin ang mga teknikal na terminolohiyang ito tulad ng **Type ID Number 103,** mga de-kalibreng baril na **Soviet PKM Machine Guns, Law rocket launchers, M18 Claymore mines, ATF, MK12, Bump Stocks at silencer** dahil sa pagiging pangngalang pantangi nito at kawalan ng salin sa tunguhing wika. Isa pang obserbasyon, ay ang pagpapanatili nito sa orihinal na pagbabaybay dahil ito ang mas kilala ng tao, lagi't laging naririnig at ginagamit na termino lalo na sa mga ganitong uri o genra ng pelikula maging ng social media. Sa ganang ito, hindi hadlang ang imitasyon nito sa target na wika o pagpapanatili ng mga teknikal na termino ng orihinal na teksto sa paghahatid ng malinaw na mensahe ng akda o teksto. Sa ganitong pananaw, malaking tulong ang teknik na imitasyon sa AV pagsasalin dahil ganap na itong komunikatibo o madaling maunawaan ng tagapakinig at/o ng manonood. Mula sa pagsusuri, ang paggamit ng imitasyon sa AV pagsasalin ay mitya ng paghihiram ng mga terminong teknikal at siyentifik. Sa ganitong kaso ng imitasyon, masasabing dahil na rin sa gahol o kakulangan ng salita sa wikang Filipino sa mga salitang teknikal, siyentipiko, mga pangalan ng lugar o ng tao at iba pang mga pangngalan, hinihiram na lamang ito upang hindi maging kakatwa ang salin at higit na maiwasan ang pagsasaling literal na may puruhang makapagpabago ng diwa o mensaheng dala mula sa orihinal. Samakatuwid, ang ganitong uri ng teknik sa AV pagsasalin ay isang kalakasan dahil naililigtas nito ang mga terminong walang angkop na katumbas sa target na wika – ang Filipino.

Sa subtitling, ang orihinal na pananalita ay maaari ring isama ang paggamit ng mga terminong nauugnay sa kultura o realia. Ang mga terminong nauugnay sa kultura ay hindi palaging nakasulat sa target na wika at ang mga tagasalin ay kailangang pumili ng mga estratehiya upang malutas ang 'gap' o puwang na ito sa pagitan ng mga wika. Ang pinakamapanghamong sitwasyon ay lumitaw kapag walang katulad na aytem ang umiiral sa target na kultura at/o kung ito ay hindi alam ng karamihan ng target na madla at, bilang kinahinatnan, "ang mga tagapagsalin ay dapat makahanap ng isang alternatibo na magbibigay-daan sa mga manonood na punan ang target na agwat sa kultura nang sapat hangga't maaari (Díaz and Remael, 2007).

**Konklusyon**

Natuklasan na may higit na pagkakaiba sa iilang tuntunin ang karaniwang pagsasalin at audioviswal na pagsasalin sa proseso ng paglilipat ng teksto mula sa isang wika tungo sa iba pang wika. Iba sa karaniwang pagsasalin na walang limitasyon sa pagprodyus ng target na teksto, may limitasyon ang subtitle. Kung kaya, may malaking papel na ginagampanan ang mga teknik sa AV pagsasalin. Sa pagsusuri napag-alamang ang ekspansyon, kondensasyon, eliminasyon, taming at imitasyon ang higit na gamit sa pagsasalin ng mga piling pelikula.

Lumabas rin sa analisis na ang wika, sa katunayan, ay nakabuhol sa akto ng bilang manipestasyon mismo ng kilos ng tauhan sa pelikula. Natuklasang may higit na pagkakaiba sa iilang tuntunin ang karaniwang pagsasalin at audioviswal na pagsasalin sa proseso ng paglilipat ng teksto mula sa isang wika tungo sa target na wika. Iba sa karaniwang pagsasalin na walang limitasyon sa pagprodyus ng target na teksto, may limitasyon ang subtitle. Bilang kongklusyon, ang audioviswal na pagsasalin ay nagsasangkot ng napakaraming gawain tulad ng adaptasyon at maging lokalisasyon, na siyang napakahirap gawin upang makamit ang mainam at wastong audioviswal na produkto. Iniluluwal nito ang mga bagong teknik ng pagsasalin at maging mga isyu at hamong kaakibat nito.

Samakatuwid, mahalaga ang singkronisasyon na kung mamarapatin ng tagasalin na ang target na teksto ay hindi lalayo sa orihinal na akda. Malaki ang papel na gingampanan ng isang subtitler o tagasalin sa pagpapadulas ng wika ng TL upang umagapay sa kahingiang semantik/pragmatik ng SL. Sang-ayon sa sinabi ni Basari (2016), sinisikap ng isang tagasalin na mailipat ang kabuuang mensahe ng pinagmulang wika sa pamamagitan ng paglalapat ng mga akmang estratehiya na siyang bibihis sa target na wika na katanggap-tanggap sa manonood. Mahalaga sa pagsasalin ang simplifikasyon ng mga pahayag sa target na teksto at ang singkronisasyon nito sa orihinal. Bilang kongklusyon, may paglilipat-wika mang nagaganap, ang naprodyus na teksto sa tunguhing wika ay singkronos pa rin dapat sa mensahe at diwa ng orihinal nitong akda. Banyaga man ang orihinal na wika, magsisilbing boses ang mga subtitles sa pagtutulay nito sa target na wika. Hindi maiiwasang magkaroon ng kahirapan sa pagsasalin ng SL tungo sa TL partikular na sa kultura, teknikal at linggwistikong aspeto nito.

Dagdag pa, inilatag at sinuri ang pelikula sa Netflix, isang sikat na online streaming site, bilang kinatawan ng mga produktong ng umuusbong na AVT. Iniluluwal ng kasanayang ito ang mga bago ring teknik at kapamaraanan ng pagsasaling audioviswal at maging mga isyu at hamong kaakibat nito. Malinaw na ang nakasanayang magkahiwalay na domeyn ng lokalisasyon at audioviswal na pagsasalin at nagtatagpo sa pag-usbong ng ganitong uri ng pagsasaling-wika. Habang pinangungunahan ng mga industriyang ito ang akademya sa kasananyang ng ganitong bagong erya ng disiplina sa pagsasalin, mayroon namang papel na ginagampanan ang akademya sa paghahanda ng nasabing larang sa kasunod na antas sa pamamagitan ng ibayong mga pananaliksik at pagtuklas pa ng mga bagong teoritikal na balangkas sa pagtatangkang mabigyang landas ang ganitong bago penomena. Ito ay mahalaga sa pagpupunla ng mga bagong kasanayan. Masasabing ang patuloy na epekto ng teknolohiya sa pagsasaling-wika ay nangangahulugan lamang na ang pagdalumat sa mundo ng pagsasalin ay nagbibigay-diin sa higit na pangangailangan ng dulog na batay sa teknolohiya, na siyang nakikiisa sa iba pang esensyal na mga disiplina.

**Reperensiya**

Antonini, R. (2005). The perception of subtitled humour in Italy: An empirical study. *HUMOR: International Journal of Humor Research, Special Issue Humor and Translation*, 18 (2), 209–225.

Bassnett, S., & Lefevere, A. (1990). *Translation, history and culture*. Printer Publishers.

Bordwell, D. et. Al (1990). *Film art: An introduction*. McGraw Hill Higher Education.

Cintas, W. (2005). The Viewer as the focus of subtitling. *Translation Journal*, 8(4), 1-5.

Díaz Cintas, J., & Remael, A. (2007). *Audiovisual translation: Subtitling*. Routledge.

Gottlieb, H. (1992). Subtitling: A new university discipline. In C. Dollerup, et al. (Eds.), *Teaching translation and interpreting* (pp. 161- 70). John Ben-jammins

de Linde, Z. & N. Kay. (1999). *The Semiotics of subtitling*. St. Jerome.

Haryanto, Sugeng. (2005). Subtitling: Di antara Keterbatasan BahasaBudaya dan Media. *Collection of International Conference on Translation: Translation, Discourse and Culture*. Program Pascasarjana: UNS.

Kay, J., 2020. Viewing of Foreign Language Content on Netflix Leaps 50% in 2020. *Screen Daily*. Available online: https://www.screendaily.com/news/viewing-of-foreign -language-content-on-netflix-leaps-50-in-2020/5155591.article. (Accessed 10 February 2022).

Larson, M. L. (1998). *Meaning-Based Translation* (2nd Edition). University Press of America

Miller, L.S., 2021. Netflix says 97% of American subscribers watched a non-English title in the last year. *Collider*. Available at: https://collider.com/how-many-netflix-subscribers-watch-non-english-shows/. (Accessed 10 March 2022).

Pedersen, J. 2011. *Subtitling norms for television: An exploration focusing on extralinguistic cultural references*. John Benjamins Publishing Company.

Remael, A. et.al., (2014). *Audiovisual translation: Subtitling*. Routledge.

Rosario, F. (2023). Subtitling at dubbing: Kalakaran at oportunidad sa pagsasalin. *PATAS*. Retrieved: September 30, 2023. https//zoom/us/j/95617609723

Vermes, A. P. (2003). Proper names in translation: An explanatory attempt. *Across Languages and Cultures*, 4(1), 89-108. http://dx.doi.org/10.1556/Acr.4.2003.1.5